

Sheppard Pratt Hospitals
Patakaran sa Tulong Pinansyal sa Pasyente Sheet ng Impormasyon sa Pagsingil at Buod ng Simpleng Wika

Ang Sistema ng Kalusugan ng Sheppard Pratt ay nakatuon sa pagbibigay sa mga pasyente ng pinakamataas na kalidad ng pangangalaga at serbisyo. Ang buod na ito ay nagbibigay ng impormasyon para sa mga pasyenteng tumatanggap ng mga serbisyo sa mga programang inpatient at outpatient na matatagpuan sa mga gusali (ang Weinberg Building sa Towson at sa mga gusali ng ospital ng Sheppard Pratt sa Lungsod ng Ellicott).

Kwalipikasyon sa Tulong Pinansyal

Sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pinansyal (FAP), maaaring maging kwalipikado ang ilang hindi-insured at kulang sa pagka-insure na pasyente na makatanggap ng tulong pinansyal para sa gastos ng pang-emerhensiya at pangangailangang medikal sa mga serbisyo ng ospital. Hindi kasama ang ilang serbisyo, gaya ng mga serbisyong elektibo, (Mga) Programa sa Edukasyon, ang Bakasyunan, Ruxton House, at Magnolia House, pati na rin ang mga kaugnay na serbisyong pantulong. Ang populasyong Quaker ay maaaring maging kwalipikado para sa hiwalay at/o karagdagang tulong sa ilalim ng hiwalay na Quaker FAP ng Sheppard Pratt.

Ang mga pasyenteng kwalipikado para sa tulong pinansyal sa ilalim ng FAP ay hindi sisingilin para sa pang-emerhensiya o pangangailangang medikal na kinakailangan nang higit sa halagang karaniwang sisingil sa mga naka-insure na pasyente. Nakabatay ang pagiging kwalipikado sa kabuuang kita ng pamilya at sa laki ng pamilya ng pasyente at/o responsableng tao. Ang gagamiting taunang pamantayan sa kita ay 300% ng kasalukuyang taunang pederal na patnubay sa kahirapan. Isasaalang-alang din ang mga ari-arian at pananagutan. Maaaring igawad ang tulong pinansyal nang hanggang 100% ng singil sa medisina. Ang mga pasyenteng may kita ng pamilya na hanggang 500% ng kasalukuyang pederal na patnubay sa kahirapan ay maaaring maging kwalipikado para sa plano sa pagbabayad.

Pag-a-apply para sa Tulong Pinansyal

Ang mga pasyenteng nagnanais ng tulong pinansyal ay kailangang sumagot ng application form at magbigay ng hinihiling na suportang dokumentasyon sa FAP at application form. Makukuha ang libreng kopya ng FAP at application form saanman sa mga sumusunod:

<ul style="list-style-type: none">• Sa Personal: Saanmang lugar/opisina ng pagpaparehistro ng pasyente; o The Conference Center at Sheppard Pratt 6501 N. Charles Street Baltimore, MD 21204• Website: www.sheppardpratt.org/patient-care-and-services/resources/financial-support/	<ul style="list-style-type: none">• Sa Sulat: Sistema ng Kalusugan ng Sheppard Pratt Attn: Tulong Pinansyal P.O. Box 6815 Baltimore, MD 21285-6815• Telepono: (410) 938-3370 (Local) (800) 264-0949 (Toll Free) Lunes-Biyernes, 8:00am hanggang 3:00pm
------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

Bukas sa appointment ang mga kinatawan ng Sheppard Pratt sa The Conference Center o sa telepono (na inilista sa itaas) para tumulong sa proseso ng aplikasyon ng mga pasyente. Maaaring humingi ng pagsasalin ng FAP, application form, at ang buod na ito sa sumusunod na wika: Espanyol. Maaari ring humingi ng tulong sa pagsasalin para sa iba pang wika.

Mga Karapatan, Apela, Reklamo ng Pasyente at Tulong Medikal ng Maryland

Mayroong karapatan ang mga pasyente na humingi at tumanggap ng nakasulat na kalkulasyon ng kabuuang singil para sa mga hindi pang-emerhensiyang serbisyo ng ospital at propesyonal, pamamaraan, at suplay na makatwirang inaasahan na ibigay at singilin ng Sheppard Pratt. Ang mga pasyenteng makakatugon sa pamantayan ng FAP ay maaaring makatanggap ng tulong mula sa Sheppard Pratt sa pagbabayad ng kanilang bayarin. Kung naniniwala kang mali ang pagpapasa sa iyo sa isang ahensya ng koleksyon, mayroon kang karapatang makipag-ugnayan sa opisina ng negosyo ng Sheppard Pratt sa telepono (tingnan sa itaas). Ang Yunit ng Kalusugan, Edukasyon, at Pagtatanggol ng Maryland (1-877-261-8807; heau@oag.state.md.us) ay bukas para tumulong sa mga pasyente na tinanggihan ng tulong pinansyal na mag-apela. Ang mga reklamo tungkol sa mga sinasabing paglabag ng Sheppard Pratt FAP sa ilalim ng batas ng Maryland ay maaari ring isampa sa Komisyon sa Pagsusuri ng Gastos sa mga Serbisyong Pangkalusugan sa pamamagitan ng email (hsrcr.patient-complaints@maryland.gov).

Maaari kang maging kwalipikado para sa Tulong Medikal ng Maryland, na isang programang magkasamang pinondohan ng mga gobyerno ng Estado at Pederal na nagbabayad ng buong gastos ng saklaw sa kalusugan para sa mga kwalipikadong indibidwal na may mababang-kita. Sa ilang kaso, maaaring kang mag-apply at matanggihan para sa saklaw na ito bago maging kwalipikado sa ilalim ng FAP. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Tulong Medikal ng Maryland, paki tawagan ang iyong lokal na Kagawaran sa Serbisyong Panlipunan sa telepono 1-800-332-6347 o sa internet (www.dhr.state.md.us).

Mga Obligasyon ng Pasyente

Para sa mga pasyenteng may kakayanang magbayad, obligasyon nilang magbayad sa tamang oras. Ginagawa ng Sheppard Pratt ang bawat pagsisikap na siguruhing lahat ng mga account ng pasyente ay maayos ang pagsingil, at maaaring asahan ng mga in-patient na makatanggap ng magkakaparehong pahayag ng buod sa loob ng 30 araw ng pagpapauwi. Responsibilidad ng pasyente na magbigay ng tumpak na impormasyon sa insurance. Kung wala kang saklaw sa kalusugan, inaasahan naming magbayad ka ng bayarin sa tamang oras. Kung naniniwala kang maaari kang maging kwalipikado sa ilalim ng Sheppard Pratt FAP, o kung hindi mo kayang bayaran nang buo ang bayarin, dapat kang makipag-ugnayan sa amin tulad ng nabanggit sa itaas.

Kung mabigo kang tugunan ang mga pinansyal na obligasyon sa bayarin mo, maaari kang ipasa sa isang ahensya sa koleksyon. Obligasyon ng pasyente na magbigay ng eksakto at kumpletong impormasyon, kabilang na ang mga update kung magbabago ang posisyong pinansyal mo.

Mga Pagsisiwalat ng Bayarin

Ang mga doktor na nangangalaga sa mga pasyente sa Sheppard Pratt, inpatient man o outpatient, ay karaniwang hiwalay na naniningil at hindi kasama ang kanilang mga singil sa pahayag ng bayarin mo sa ospital. Sa lawak ng pinapayagan ng batas at sang-ayon sa mga patakaran ng Sheppard Pratt, maaaring kabilang sa mga bayarin sa ospital, ngunit hindi limitado sa, ang bayad sa pasilidad para sa paggamit ng outpatient sa mga pasilidad ng ospital, mga klinika, suplay at kagamitan, at mga serbisyo ng hindi-doktor (tulad ng mga hindi-doktor na nagtatrabaho sa klinika).

Reb. 01.1.21

4828-1832-0738v13